CITY CLERK
CITY OF LOS ANGELES
FOUNDED 1781
ELECTION DIVISION

# PAMPLET NG IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

TINIPON NI PATRICE Y. LATTIMORE, KLERK NG LUNGSOD

**PRIMARYANG HALALANG PANGMUNGKAHI**
**MARTES, HUNYO 2, 2026**

**TAGALOG**

clerk.lacity.gov/elections

# Para sa Impormasyon Tungkol sa Eleksyon, tumawag sa 1-888-873-1000

**Ang Lungsod ng Los Angeles ay nagbibigay ng impormasyon para sa botante sa Ingles at sa mga sumusunod na wika:**

**Այս բրոշյուրի հայերեն օրինակն ստանալու համար զանգահարեք 1-888-873-1000 հեռախոսահամարով:**

要索取本手冊的中文版，
請致電 **1-888-873-1000**

برای تهیه‌ی نسخه‌ای از این جزوه به زبان فارسی، با شماره تلفن
**1-888-873-1000** تماس بگیرید

**हिन्दी में इस पैम्फलेट की प्रति प्राप्त करने के लिए,**
**1-888-873-1000 पर फोन करें**

このパンフレットの日本語版をご希望の方は、
**1-888-873-1000**までお電話ください。

ដើម្បីទទួលបានឯកសារថតចម្លងមួយច្បាប់ពីកូនសៀវភៅនេះជាភាសាខ្មែរ
សូមហៅទូរស័ព្ទលេខ **1-888-873-1000**

이 팸플릿을 한국어로 원하시면 다음 전화번호로
연락하십시오. **1-888-873-1000**

**Для получения копии данной брошюры на русском языке позвоните по номеру 1-888-873-1000.**

**Para obtener una copia de este folleto en español, llame al 1-888-873-1000**

**Para makakuha ng kopya ng pamplet na ito sa Tagalog, tumawag sa 1-888-873-1000**

**เพื่อขอสำเนาจุลสารนี้ในภาษาไทย โปรดโทรศัพท์ติดต่อที่หมายเลข**
**1-888-873-1000**

**Muốn có một tập sách này bằng tiếng Việt, hãy gọi số**
**1-888-873-1000**

# Talaan ng Mga Nilalaman


| | Pahina |
|---|---|
| **Buod ng Balota** | **3-5** |
| **Panukala sa Balota, Mga Pangangatwiran, at Teksto** | |
| Panukala CB | **6** |
| Panukala TC | **11** |
| Panukala TT | **19** |


## IMPORMASYON NG BOTANTE

Ang Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County ng Los Angeles ay ang tagapangasiwa ng Halalang Munisipal ng Lungsod ng Los Angeles.

Ang pamplet na ito ay naglalaman lamang ng impormasyon tungkol sa mga panukala sa balota ng Lunsod para sa Primaryang Halalang Pangmungkahi sa Hunyo 2, 2026.

Para sa impormasyon tungkol sa Halalan, tulad ng Mga Sentro ng Botohan, mangyaring makipag-ugnayan sa LA County sa (800) 815-2666 o bisitahin ang kanilang website sa www.lavote.gov.

Ang susunod na 3 pahina ay naglalaman ng pinasimpleng bersyon ng mga panukala sa balota ng Lungsod. Ang buong teksto ng bawat panukala, pati na rin ang iba pang impormasyon, ay naka-limbag pagkatapos ng Buod ng Balota (tingnan ang Pahina ng Talaan ng Nilalaman).

**PAMAGAT:**
PAGLALAPAT NG MGA BUWIS SA NEGOSYO NG MARIJUANA SA MGA WALANG LISENSYANG NEGOSYO NG MARIJUANA.

**ANG ISYU:**
Dapat bang magpatibay ng isang ordinansa upang ilapat ang umiiral na buwis sa negosyo ng marijuana sa Lungsod ng Los Angeles sa mga walang lisensyang negosyo ng marijuana?

**ANG SITWASYON:**
Hindi hinihiling ng Lungsod ng Los Angeles sa mga walang lisensyang negosyo ng marijuana na magbayad ng mga buwis sa negosyo na tinutukoy ng kabuuang kita ng isang negosyo. Sa kasalukuyan, tanging ang mga lisensyadong negosyo ng marijuana ang kinakailangang magbayad ng buwis sa negosyo sa Lungsod ng Los Angeles.

**ANG MUNGKAHI:**
Ang panukalang ito ay mag-aapruba ng isang ordinansa na maglalapat ng parehong buwis batay sa kabuuang kita sa mga negosyong marijuana na walang lisensya, tulad ng kasalukuyang ipinapataw sa mga lisensyadong negosyong marijuana sa Lungsod ng Los Angeles.

**ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:**
Gusto mong magpatibay ng ordinansa upang ilapat ang buwis batay sa kabuuang kita ng negosyo ng marijuana ng Lungsod ng Los Angeles sa mga hindi lisensyadong negosyo ng marijuana na kasalukuyang inilalapat sa mga lisensyadong negosyo ng marijuana.

**ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:**
Hindi mo gugustuhing magpatibay ng ordinansa para ilapat ang buwis batay sa kabuuang kita ng negosyo ng marijuana sa Lungsod ng Los Angeles sa mga walang lisensyang negosyo ng marijuana na kasalukuyang inilalapat sa mga lisensyadong negosyo ng marijuana.

**ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 8.**

**PAMAGAT:**
PAGPAPATAW NG BUWIS SA PANANDALIANG PANUNULUYAN SA MGA ONLINE NA KOMPANYA NG PAGLALAKBAY.

**ANG ISYU:**
Dapat bang i-update ng Lungsod ng Los Angeles ang mga kinakailangan sa pangongolekta at pag-uulat ng Buwis sa Panandaliang Panunuluyan (TOT) para sa mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay?

**ANG SITWASYON:**
Sa kasalukuyan, naniningil at nangongolekta ang isang hotel ng TOT sa kabuuang upa, kasama ang lahat ng bayarin at singil sa serbisyo, para sa sinumang bisitang mag-okupa sa isang silid o espasyo sa hotel nang 30 araw o mas maikli pa. Nakikipagnegosasyon ang mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay sa mga hotel para sa diskwento o pakyawan na presyo ng kuwarto. Ang mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay ay nangongolekta ng TOT batay sa napagkasunduang rate ng pagrenta sa halip na ang kabuuang halagang sinisingil sa bisita, kasama ang lahat ng bayarin at singil sa serbisyo.

**ANG MUNGKAHI:**
Aatasan ng panukala ang mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay na mangolekta ng TOT batay sa kabuuang halagang sinisingil sa mga bisita ng hotel, kasama ang lahat ng bayarin at singil sa serbisyo, para maka-okupa sa isang kuwarto sa hotel. Bukod pa rito, ina-update ng panukala ang mga kinakailangan sa pangongolekta at pag-uulat para sa lahat ng nagpapatakbo ng hotel, at mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay.

**ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:**
Gusto mong i-update ng Lungsod ang mga kinakailangan sa pangongolekta at pag-uulat ng TOT para sa mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay upang magamit sa mga pangkalahatang serbisyo ng Lungsod.

**ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:**
Hindi mo gugustuhing i-update ng Lungsod ang mga kinakailangan sa pangongolekta at pag-uulat ng TOT para sa mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay upang magamit sa mga pangkalahatang serbisyo ng Lungsod.

**ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 14.**

**PAMAGAT:**
PAGPONDO PARA SA MGA SERBISYO NG LUNGSOD SA PAMAMAGITAN NG MGA PAGBABAGO SA BUWIS SA PANANDALIANG PANUNULUYAN.

**ANG ISYU:**
Dapat bang taasan ng Lungsod ng Los Angeles ang Buwis sa Panandaliang Panunuluyan (TOT) na binabayaran ng mga bisita ng hotel mula 14% patungong 16% hanggang Disyembre 31, 2028 at pagkatapos ay 15% pagkatapos nito, at i-update ang mga kinakailangan sa pangongolekta at pag-uulat ng TOT para sa mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay upang magamit sa mga pangkalahatang serbisyo ng Lungsod?

**ANG SITWASYON:**
Sa kasalukuyan, ang rate ng TOT ay 14% sa kabuuang upa, kasama na ang lahat ng bayarin at singil sa serbisyo, para sa sinumang bisitang uupo sa isang kuwarto o espasyo sa hotel nang 30 araw o mas maikli pa. Nakikipagnegosasyon ang mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay sa mga hotel para sa diskwento o pakyawan na presyo ng kuwarto. Ang mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay ay nangongolekta ng TOT batay sa napagkasunduang rate ng pagrenta sa halip na ang kabuuang halagang sinisingil sa bisita, kasama ang lahat ng bayarin at singil sa serbisyo.

**ANG MUNGKAHI:**
Upang pondohan ang mga pangkalahatang serbisyo ng Lungsod, pansamantalang itataas ng panukalang ito ang TOT mula 14% sa 16% hanggang Disyembre 31, 2028 at pagkatapos ay 15% pagkatapos nito. Bukod pa rito, inaatasan ng panukala na ito ang mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay na mangolekta ng TOT batay sa kabuuang halagang sinisingil sa mga bisita, kabilang ang lahat ng bayarin at singil sa serbisyo para mag-okupa sa isang silid ng hotel. Ina-update din ng panukala ang mga kinakailangan sa pangongolekta at pag-uulat para sa lahat ng operator ng hotel, at mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay.

**ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:**
Gusto mong dagdagan ng Lungsod ang TOT para sa mga bisita ng hotel mula 14% sa 16% hanggang Disyembre 31, 2028 at 15% pagkatapos nito, at i-update ang mga kinakailangan sa pangongolekta at pag-uulat ng TOT para sa mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay upang magamit sa mga pangkalahatang serbisyo ng Lungsod.

**ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:**
Hindi mo gugustuhing taasan ng Lungsod ang TOT para sa mga bisita ng hotel mula 14% sa 16% hanggang Disyembre 31, 2028 at 15% pagkatapos nito, at i-update ang mga kinakailangan sa pangongolekta at pag-uulat ng TOT para sa mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay upang magamit sa mga pangkalahatang serbisyo ng Lungsod.

**ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 24.**

## CB PAGLALAPAT NG MGA BUWIS SA NEGOSYO NG CANNABIS SA MGA WALANG LISENSYANG NEGOSYO NG CANNABIS. PANUKALA CB.

Dapat bang magpatibay ng isang ordinansa para i-aplay ang umiiral na buwis ng Lungsod sa mga negosyong cannabis na walang lisensya, ayon sa kasalukuyang mga rate (10% sa bentahan ng cannabis; 5% sa bentahan ng medikal na cannabis; 2% sa pagmamanupaktura, pagtatanim, o iba pang komersyalisasyon; 1% sa transportasyon, pagsusuri o pananaliksik); na inaasahang makakalikom ng humigit-kumulang $30–35 milyon kada taon para sa pangkalahatang mga serbisyo ng Lungsod, tulad ng pagkukumpuni ng mga kalsada/bangketa, 911 na pagtugon sa emerhensiya, proteksyon laban sa sunog, at mga parke, hanggang sa ito ay wakasan ng mga botante?

### WALANG-PINAPANIGANG PAGSASABUOD
### NI SHARON M. TSO, PUNONG MANUNURI NG BATAS

Kasunod ng legalisasyon ng panlibangang cannabis sa buong estado noong 2016 sa ilalim ng Proposisyon 64, inaprubahan ng mga botante ng Los Angeles ang Proposisyon M noong 2017, na nagbigay sa Lungsod ng Los Angeles ng awtoridad na pangasiwaan at buwisan ang mga lokal na negosyo ng cannabis.

Ang Kodigong Munisipal ng Los Angeles, Kabanata II, Artikulo 1, Seksyon 21.51 at 21.52 ay nagtatatag ng mga buwis sa negosyo para sa lahat ng lisensyadong negosyo ng cannabis sa Lungsod. Ang halaga ng buwis na dapat bayaran ay tinutukoy ng kabuuang kita ng negosyo.

Sa kasalukuyan, ang Kodigong Munisipal ay naglalapat lang ng mga buwis sa negosyo ng cannabis ng Lungsod ng Los Angeles sa mga lisensyadong negosyo ng cannabis. Sampung porsyento ng kabuuang kita sa mga benta ng cannabis ang mga rate ng buwis sa cannabis, limang porsyento sa mga benta ng medikal na cannabis, dalawang porsyento sa pagmamanupaktura, paglilinang o iba pang komersiyalisasyon, at isang porsyento sa transportasyon, pagsubok o pananaliksik. Hindi nalalapat ang mga buwis na ito sa mga hindi lisensyadong negosyo ng cannabis.

Magpapatibay ang panukalang ito ng ordinansa para baguhin ang Kodigong munisipal ng Los Angeles para ipataw ang mga buwis sa negosyo ng cannabis ng Lungsod ng Los Angeles sa mga hindi lisensyadong negosyo ng cannabis. Samakatuwid, sasailalim ang mga hindi lisensyadong negosyo ng sa parehong mga buwis sa kabuuang kita na kasalukuyang ipinapataw ng Lungsod ng Los Angeles sa mga lisensyadong negosyo ng cannabis. Idedeposito sa Pangkalahatang Pondo ng Lungsod ang mga nakolektang kita mula sa buwis sa cannabis at gagamitin para suportahan ang mga serbisyo ng Lungsod.

Magkakabisa ang panukalang ito kung aaprubahan ng karamihan ng mga botante.

### PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI
### NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA PAMPANGASIWAAN NG LUNSOD

Ilalapat ng hakbang na ito ang kasalukuyang buwis sa negosyo ng cannabis ng Lungsod sa mga hindi lisensyadong negosyo ng cannabis sa kasalukuyang mga rate: 10% sa benta ng cannabis, 5% sa benta ng medikal na cannabis, 2% sa pagmamanupaktura o paglilinang, at 1% sa transportasyon o pagsubok. Ang hakbang na ito ay tinatayang lilikha ng humigit-kumulang $30 milyon hanggang $35 milyon na taunang kita para sa Lungsod. Idedeposito sa Pangkalahatang Pondo ang kita at gagamitin para sa mga pangkalahatang serbisyo ng Lungsod, tulad ng pagtugon sa bumbero at pulisya, pagkukumpuni

ng kalye at bangketa, transportasyon at iba pang mga layunin. Tinatayang nasa pagitan ng $2.2 milyon at $10.5 milyon ang taunang gastos sa administrasyon para sa mga pagsisikap sa pagpapatupad ng buwis at regulasyon. Ang aktwal na mga gastos ay depende sa uri ng mga aktibidad sa pagpapatupad at antas ng pagsisikap na kinakailangan para isara ang mga negosyong hindi lisensyado o isailalim ang mga ito sa pagsunod sa buwis at mga regulasyon.

## TEKSTO NG IMINUNGKAHING PANUKALA SA BALOTA

## ORDINANSA BLG.__________

Isang ordinansa na nag-aamyenda sa Seksyon 21.51 at Seksyon 21.52 ng Artikulo 1 ng Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles upang i-aplay ang mga umiiral na buwis sa kabuuang kita ng Lungsod sa cannabis sa mga walang lisensyang negosyo ng cannabis. (Ang mga pagbabago sa wika ng Kodigong Munisipal ay ipinapakita sa salungguhit para sa karagdagang wika at ~~pag-strikeout~~ para sa binurang wika.)

**SAPAGKAT**, upang protektahan ang publiko at mga mamimili ng medikal at di-medikal na cannabis, at mabawasan ang mga negatibong pangalawang epekto sa mga komunidad ng Lungsod, nagpatupad ang Lungsod ng isang komprehensibong sistema ng regulasyon at pagpapatupad ng cannabis na inaprubahan ng mga botante ng Lungsod ng Los Angeles noong Marso 7, 2017, at isinailalim sa Panukala M;

**SAPAGKAT**, nagpatupad din ang Panukala M ng isang bagong sistema ng buwis sa kabuuang kita, na may iba't ibang rate, sa mga lisensyadong negosyo ng cannabis na nakikibahagi sa komersiyalisasyon ng hindi medikal at medikal na cannabis, kabilang ang mga kaugnay na produkto at serbisyo nito;

**SAPAGKAT**, simula nang maisabatas ang Panukala M, ang pagbubuwis sa mga lisensyadong komersyal na negosyo ng cannabis ay nagbigay-insentibo sa mga hindi lisensyadong negosyo ng cannabis na magpatakbo at makabuo ng malaking benepisyong pangkomersyo mula sa legalisasyon ng cannabis para sa libangan nang hindi kinakailangang mangolekta at magpadala ng lahat ng buwis sa mga negosyo ng Lungsod tulad ng gagawin sa mga lisensyadong negosyo ng cannabis; at

**SAPAGKAT**, nais ng Lungsod na tiyakin na ang mga negosyong walang lisensya ay napapailalim sa parehong buwis gaya ng mga lisensyadong nagnenegosyo at magtatag ng pagkakapantay-pantay sa buwis sa negosyo sa loob ng merkado ng cannabis.

**NGAYON, SAMAKATUWID,**

**IPINAG-AATAS NG MGA MAMAMAYAN NG LUNGSOD NG LOS ANGELES ANG MGA SUMUSUNOD:**

Seksyon 1. Ang Subdibisyon (9) ng Subseksyon (a) ng Seksyon 21.51 ng Artikulo 1, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles patungkol sa pagbubuwis ng mga negosyo ng cannabis ay binabago upang mabasa bilang:

9. Ang "paglilipat" ay nangangahulugang paglipat ng cannabis at/o mga produktong cannabis mula sa lokasyon ng isang taong ~~may lisensya~~ sa lokasyon ng ibang taong ~~may lisensya~~.

Sek. 2. Ang Subseksyon (b) ng Seksyon 21.51 ng Artikulo 1, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles patungkol sa pagbubuwis ng mga negosyo ng cannabis ay binabago upang mabasa bilang:

(b) Para sa mga layunin ng Seksyon na ito, ang buwis sa negosyo na ipapataw ay ang mga sumusunod:

1. Bawat taong ~~may lisensya~~ na nakikibahagi sa negosyo ng pagbebenta ng cannabis at/o mga produktong cannabis ay dapat magbabayad ng buwis sa negosyo na $100.00 para sa bawat $1,000.00 ng kabuuang kita o praksyonal na bahagi nito. Ang pagbebenta ng medikal na cannabis ay bubuwisan ayon sa nakasaad sa Seksyon 21.52 ng Artikulong ito.

2. Bawat taong ~~may lisensya~~ na nakikibahagi sa negosyo ng paghahatid ng cannabis at/o mga produktong cannabis ay dapat magbabayad ng buwis sa negosyo na $10.00 para sa bawat $1,000.00 ng kabuuang kita o praksyonal na bahagi nito.

3. Bawat taong ~~may lisensya~~ na nakikibahagi sa negosyo ng pagsubok ng cannabis at/o mga produktong cannabis ay dapat magbabayad ng buwis sa negosyo na $10.00 para sa bawat $1,000.00 ng kabuuang kita o praksyonal na bahagi nito.

4. Bawat taong ~~may lisensya~~ na nakikibahagi sa negosyo ng pagsasaliksik ng cannabis at/o mga produktong cannabis ay dapat magbabayad ng buwis sa negosyo na $10.00 para sa bawat $1,000.00 ng kabuuang kita o praksyonal na bahagi nito.

5. Bawat taong ~~may lisensya~~ na nakikibahagi sa negosyo ng pagmamanupaktura o pagtatanim ng cannabis at/o mga produktong cannabis ay dapat magbabayad ng buwis sa negosyo na $20.00 para sa bawat $1,000.00 ng kabuuang kita o praksyonal na bahagi nito.

6. Bawat taong ~~may lisensya~~ na nakikibahagi sa negosyong may kaugnayan sa komersiyalisasyon ng cannabis at/o mga produktong cannabis na hindi partikular na binubuwisan sa ilalim ng Seksyon na ito ay magbabayad ng buwis sa negosyo na $20.00 para sa bawat $1,000.00 ng kabuuang kita o praksyonal na bahagi nito.

Sek. 3. Ang Subseksyon (d) ng Seksyon 21.51 ng Artikulo 1, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles patungkol sa pagbubuwis ng mga negosyo ng cannabis ay binabago upang mabasa bilang:

(d) Ang lahat ng buwis sa negosyo ay dapat bayaran kada quarter gaya ng nakasaad sa ilalim ng Seksyon 21.04(b) ng Artikulong ito simula Hulyo 1, 2018, na kinabibilangan ng anumang buwis na dapat bayaran mula Enero 1, 2018, at pagkatapos ay buwanan gaya ng nakasaad sa ilalim ng Seksyon 21.04(c) ng Artikulong ito simula Hulyo 1, 2019. Ang mga naturang buwis sa negosyo ay babayaran kahit na ang tao ay nabigyan ng lisensya o nagpapatakbo nang walang lisensya.

Sek. 4. Ang Subseksyon (f) ng Seksyon 21.51 ng Artikulo 1, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles patungkol sa pagbubuwis ng mga negosyo ng cannabis ay binabago upang mabasa bilang:

(f) Ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring magtakda ng mga karagdagang kinakailangan o kundisyon, gaya ng nakasaad sa ilalim ng Seksyon 21.15(h) ng Artikulong ito, kapag nagbibigay ng sertipiko ng rehistrasyon ng buwis sa negosyo sa ilalim ng Seksyon 21.08 ng Artikulong ito patungkol sa isang taong napapailalim sa Seksyon na ito, na maaaring o maaaring hindi magsama ng sinumpaang salaysay ng pagsunod at/o patunay ng lisensya. Ang sinumang taong gumawa ng maling pahayag o maling representasyon sa anumang kinakailangang sinumpaang salaysay sa ilalim ng Seksyon na ito ay nagkasala ng isang magaan na paglabag sa batas.

Sek. 5. Ang Subseksyon (b) ng Seksyon 21.52 ng Artikulo 1, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles patungkol sa pagbubuwis ng mga negosyo ng medikal na cannabis ay inamyendahan upang mabasa bilang:

(b) Para sa mga layunin ng Seksyon na ito, ang buwis sa negosyo na ipapataw ay ang mga sumusunod:

1. Bawat taong ~~may lisensya~~ na nakikibahagi sa negosyo ng pagbebenta ng medical cannabis ay dapat magbabayad ng buwis sa negosyo na $50.00 para sa bawat $1,000.00 ng kabuuang kita o praksyonal na bahagi nito.

Sek. 6. Ang Subseksyon (d) ng Seksyon 21.52 ng Artikulo 1, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles patungkol sa pagbubuwis ng mga negosyo ng medikal na cannabis ay binabago upang mabasa bilang:

(d) Ang lahat ng buwis sa negosyo ay dapat bayaran kada quarter gaya ng nakasaad sa ilalim ng Seksyon 21.04(b) ng Artikulong ito simula Hulyo 1, 2018, na kinabibilangan ng anumang buwis na dapat bayaran mula Enero 1, 2018, at pagkatapos ay buwanan gaya ng nakasaad sa ilalim ng Seksyon 21.04(c) ng Artikulong ito simula Hulyo 1, 2019. Ang mga naturang buwis sa negosyo ay babayaran kahit na ang tao ay nabigyan ng lisensya o nagpapatakbo nang walang lisensya.

Sek. 7. Ang Subseksyon (f) ng Seksyon 21.52 ng Artikulo 1, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles patungkol sa pagbubuwis ng mga negosyo ng medikal na cannabis ay binabago upang mabasa bilang:

(f) Ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring magtakda ng mga karagdagang kinakailangan o kundisyon, gaya ng nakasaad sa ilalim ng Seksyon 21.15(h) ng Artikulong ito, kapag nagbibigay ng sertipiko ng rehistrasyon ng buwis sa negosyo sa ilalim ng Seksyon 21.08 ng Artikulong ito patungkol sa isang taong napapailalim sa Seksyon na ito, na maaaring o maaaring hindi magsama ng sinumpaang salaysay ng pagsunod at/o patunay ng lisensya. Ang sinumang taong gumawa ng maling pahayag o maling representasyon sa anumang kinakailangang sinumpaang salaysay sa ilalim ng Seksyon na ito ay nagkasala ng isang magaan na paglabag sa batas.

Sek. 8. Pagsusumite sa mga botante. Ang ordinansang nagpapatupad sa artikulong ito ay dapat isumite sa mga botante ng Lungsod. Kung ang ordinansa ay maaprubahan ng karamihan ng mga boto, ang ordinansa ay dapat ipatupad at ang mga naaangkop na seksyong nakasaad dito ay ituturing na bahagi ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles.

Sek. 9. Mga pag-amyenda. Maaaring amyendahan ng Konseho ng Lungsod ang anumang probisyon ng ordinansang ito, ngunit ang anumang pagsusog na magreresulta sa pagpapataw, pagpapalawig, o pagtaas ng buwis ay mangangailangan ng pag-apruba ng botante.

Sek. 10. Pagkakahiwalay. Kung ang anumang seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, o aplikasyon ng ordinansang ito o anumang bahagi nito ay ituring na labag sa konstitusyon o hindi wasto ng anumang hukuman o tribunal na may kakayahang hurisdiksyon, ang natitirang mga seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, o aplikasyon ng ordinansa ay mananatiling may ganap na bisa at epekto, at para dito ang mga probisyon ng ordinansang ito ay maaaring paghiwalayin. Bukod pa rito, idinedeklara ng mga botante na naipasa sana nila ang lahat ng seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi at aplikasyon ng ordinansang ito nang wala ang seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi o aplikasyon na ipinasiyang labag sa konstitusyon o hindi wasto.

## TC PAGPAPATAW NG BUWIS SA PANANDALIANG PANUNULUYAN SA MGA ONLINE NA KOMPANYA NG PAGLALAKBAY. PANUKALA TC.

Dapat bang magpatibay ng isang ordinansa para i-update ang buwis sa panandaliang panunuluyan ng Lungsod, na binabayaran ng mga panauhin sa hotel at iba pang matutuluyan, upang obligahin ang mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay na mangolekta at mag-remit ng buwis (ang kasalukuyang rate ay 14%); na inaasahang makakalikom ng humigit-kumulang $5 milyon kada taon para sa pangkalahatang mga serbisyo ng Lungsod, tulad ng pagkukumpuni ng mga kalsada at bangketa, 911 na pagtugon sa emerhensiya, proteksyon laban sa sunog, at mga parke, hanggang sa ito ay wakasan ng mga botante?

### WALANG-PINAPANIGANG PAGSASABUOD
### NI SHARON M. TSO, PUNONG MANUNURI NG BATAS

Ang Kodigong Munisipal ng Lungsod ng Los Angeles (LAMC), Kabanata II, Artikulo 1.7 ay nagbibigay ng mga alituntunin para sa Buwis sa Pansamantalang Pag-okupa (TOT) ng Lungsod, na siyang buwis na binabayaran ng bawat bisitang naninirahan sa kuwarto o espasyo sa hotel sa loob ng 30 magkakasunod na araw o mas maikli pa. Ang kasalukuyang TOT ay 14 na porsyento ng kabuuang upa na binabayaran ng bisita, kasama na ang lahat ng bayarin at singil sa serbisyo.

Ang mga online na ahensya sa paglalakbay, plataporma, kumpanya, at iba pang katulad na tagapamagitan ay nagpapatakbo sa pamamagitan ng pakikipagnegosasyon sa mga hotel para sa diskwento o pakyawan na presyo para sa mga kwarto ng hotel at pagkatapos ay naniningil sa mga bisita ng mas mataas na halaga sa pamamagitan ng pagdaragdag ng iba pang mga bayarin at singil sa serbisyo para sa karapatang tumira sa kuwarto. Wala sa saklaw ng kasalukuyang mga alituntunin ng TOT ang mga karagdagang bayarin at singil sa serbisyo. Nagbibigay ang LAMC ng wika para sa mga hotel at mga online na entidad ng hotel na magbigay ng TOT batay sa unang napagkasunduang halaga ng kuwarto, sa halip na magbigay ng TOT batay sa aktwal na upa na sinisingil sa bisita para tumira sa kuwarto, kasama na ang lahat ng bayarin at singil sa serbisyo na idinaragdag ng mga online na kumpanya sa paglalakbay.

Babaguhin ng panukalang ito ang LAMC para i-update ang kahulugan ng upa para sa layunin ng pagkalkula ng TOT bilang ang kabuuang halagang binayaran ng nakatira, kabilang ang mga sumusunod na bayarin at singil sa serbisyo:

- Mga Diskwentong Singil sa Kuwarto – Ang kabuuang halagang sinisingil ng hotel sa online na kumpanya sa paglalakbay, ahente sa pagbo-book, o tagapagbenta ng kuwarto para sa paninirahan sa hotel na inuupahan;
- Mga Bayarin sa Pagpapadali – Ang halaga kung saan ang naka-post na singil sa kuwarto ay lumampas sa singil sa kuwarto na may diskwento, kung mayroon man;
- Mga bayarin sa transaksyon, bayarin sa serbisyo, bayarin sa pag-book, bayarin sa pagproseso, patong sa presyong tingi, komisyon, bayarin sa pagkansela at hindi natupad na reserbasyon, at mga Pagtatasa sa Pagmemerkado sa Turismo ng California;
- Hindi naibalik na paunang reserbasyon at iba pang deposito sa pag-upa;
- Mga singil na ipinapataw para sa mga aytem o serbisyo;
- Konsiderasyon o halagang natanggap ng nagbebenta mula sa programa ng parangal o gantimpala; at
- Anumang iba pang singil na makatwirang maiuugnay sa upa na bahagi ng naka-pack na paglalakbay.

Bukod pa rito, ina-update ng hakbang na ito ang mga kinakailangan sa pangongolekta sa lahat ng nagpapatakbo ng hotel at nagdadagdag ng mga kinakailangan sa pag-uulat kaugnay ng mga online na ahensya sa paglalakbay, kumpanya, plataporma, at iba pang katulad na tagapamagitan. Idedeposito sa Pangkalahatang Pondo ng Lungsod ang kita ng TOT na makokolekta sa ilalim ng panukalang ito at gagamitin para suportahan ang mga serbisyo ng Lungsod, tulad ng pagkukumpuni ng kalye at bangketa at proteksyon sa sunog.

Isang hiwalay na panukala sa balota ang gumagawa ng mga katulad na susog sa LAMC kaugnay ng kahulugan ng upa sa Ordinansa ng TOT ng Lungsod. Kasama sa panukala sa balota na ito ang probisyon na nagsasaad na ito ay komplementaryo at hindi sumasalungat sa isa pang panukalang TOT. Nakasaad sa probisyon na kung ang parehong hakbang ay makatatanggap ng pagsang-ayon ng mayorya ng botante, ang lahat ng probisyon ng parehong hakbang ay maisasabatas at magiging balido.

Magkakabisa ang panukalang ito kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

## PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI
## NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA PAMPANGASIWAAN NG LUNSOD

Ia-update ng hakbang na ito ang Buwis sa Pansamantalang Pag-okupa (TOT) ng Lungsod para matakpan ang butas na kinasasangkutan ng mga online na kumpanya sa paglalakbay. Inaatasan nito ang mga online na kumpanya sa paglalakbay na singilin at ipadala ang TOT para sa lahat ng singil sa serbisyo at bayarin na ipinapataw kapag nagbo-book ng kuwarto sa hotel. Hindi nakakaapekto ang hakbang na ito sa kasalukuyang rate ng TOT. Tinatayang bubuo ang hakbang na ito ng humigit-kumulang $5 milyon na taunang kita para sa Lungsod. Idedeposito sa Pangkalahatang Pondo ang kita at gagamitin para sa mga pangkalahatang serbisyo ng Lungsod, tulad ng pagtugon sa bumbero at pulisya, pagkukumpuni ng kalye at bangketa, transportasyon at iba pang mga layunin. Ang hakbang na ito ay hindi inaasahang magreresulta sa anumang karagdagang gastos sa Lungsod.

## PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON TC

Tinitiyak ng PROPOSISYON TC na kokolektahin ng Lungsod ng Los Angeles ang kita na dapat na nitong bayaran at pinapabago ang sistema ng Buwis sa Pansamantalang Pananatili (TOT) upang maipakita ang mga kasanayan sa paglalakbay at pag-book ngayon. Sa kasalukuyan, dahil sa mga butas, maaaring magbayad ng buwis ang ilang online na kompanya ng paglalakbay batay lamang sa diskwentong presyo ng pakyawan na ibinabayad nila sa mga hotel, sa halip na sa buong presyong ibinabayad ng mga bisita. Nangangahulugan ito na nawawalan ang Lungsod ng kita na dapat sana ay sumusuporta sa mahahalagang serbisyong pampubliko.

Ang panukala na ito ay hindi lilikha ng bagong buwis, isinasara nito ang mga butas at ginagawang moderno ang mga lumang patakaran upang gumana ang sistema ayon sa nilalayon. Sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga online na kompanya ng paglalakbay at plataporma na mangolekta at magpadala ng TOT sa buong halagang binayaran ng mga kustomer, at sa pamamagitan ng paglilinaw kung aling mga bayarin na may kaugnayan sa hotel ang maaaring buwisan, isinasara ng panukala na ito ang mga lumang kakulangan sa kodigo at tinitiyak ang patas at pare-parehong pangongolekta ng buwis sa buong industriya ng tuluyan.

Ang kitang nalilikha ay nakakatulong sa pagpopondo ng mga mahahalagang serbisyo tulad ng pagtugon sa emerhensiya, pagpapanatili ng imprastraktura, at mga pamumuhunan sa pamayanan na inaasahan ng mga residente araw-araw. Mahalaga, ang buwis ay binabayaran ng mga bisitang nananatili sa mga hotel o panandaliang tuluyan, hindi ng karamihan sa mga taga-Angeles.

Ang pagboto ng OO sa PROPOSISYON TC ay nagsisiguro ng pagiging patas, pananagutan, at napapanatiling pondo para sa mga serbisyong nagpapanatili sa pagpapatakbo ng Los Angeles.

## MGA TAONG PUMIRMA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON TC

TIM MCOSKER
Miyembro ng Konseho, Distrito 15
City of LA

EUNISSES HERNANDEZ
Miyembro ng Konseho, Distrito 1
City of LA

MATT SZABO
Opisyal ng Administratibo ng Lungsod
City of LA

DOANE LIU
Punong Opisyal ng Turismo ng Lungsod
City of LA

BOB BLUMENFIELD
Miyembro ng Konseho, Distrito 3
City of LA

## WALANG PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALA NA ITO ANG NAISUMITE.

**Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod.**

## TEKSTO NG IMINUNGKAHING PANUKALA SA BALOTA

## ORDINANSA BLG.__________

Isang ordinansa na nag-aamyenda sa mga bahagi ng Artikulo 1.7 ng Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles upang atasan ang mga online na ahensya sa paglalakbay, kumpanya, at plataporma na mangolekta at magpadala ng Buwis sa Pansamantalang Pag-okupa ng Lungsod ng Los Angeles sa lahat ng singil at bayarin na ipinapataw para sa isang kuwarto sa motel. (Ang mga pagbabago sa wika ng Kodigong Munisipal ay ipinapakita sa salungguhit para sa karagdagang wika at ~~pag-strikeout~~ para sa binurang wika.)

**SAPAGKAT**, itinatatag ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles ang Buwis sa Pansamantalang Pag-okupa (TOT) ng Lungsod, na isang buwis na binabayaran ng isang taong naninirahan sa isang silid o espasyo sa isang motel gaya ng tinukoy sa ordinansa ng TOT;

**SAPAGKAT**, ang Tanggapan ng Pananalapi ay naglabas ng mga ulat na nagsusuri sa kakulangan sa koleksyon ng TOT na lumilitaw kapag ang mga silid sa motel ay binu-book sa pamamagitan ng mga online na kumpanya ng paglalakbay (Tingnan ang Mga Tala ng Konseho Blg. 23-0318 at 24-1456);

**SAPAGKAT**, gaya ng sinuri sa mga ulat ng Tanggapan ng Pananalapi, ang modelo ng negosyo na ginagamit ng mga online na kompanya ng paglalakbay, kung saan ang online na kompanya ng paglalakbay ay nakikipagnegosasyon para sa isang diskwento o pakyawan na rate para sa mga kuwarto sa motel ngunit pagkatapos ay naniningil sa kustomer ng mas mataas na halaga para sa karapatang tumira sa kuwarto, ay nagreresulta sa mga singil na may kaugnayan sa kuwarto na wala sa saklaw ng kasalukuyang TOT;

**SAPAGKAT**, ang Opisyal ng Administratibo ng Lungsod ay naglabas ng isang ulat na nagsasaad ng mga benepisyong pinansyal sa pangkalahatang nagpapatakbong badyet ng Lungsod sa pagtugon sa kakulangan sa koleksyon ng TOT na nagmumula sa pagkakaiba sa pananalapi sa pagitan ng pakyawan o may diskwentong mga rate na binabayaran ng mga online na kumpanya ng paglalakbay at ang halagang binabayaran ng mga bisita ng motel na nagbabayad para sa mga silid ng motel sa pamamagitan ng isang online na kompanya ng paglalakbay; at

**SAPAGKAT**, ang panukala sa balota na ito, kung aprubahan ng mga botante, ay mag-a-update sa umiiral na ordinansa ng Lungsod tungkol sa TOT upang matugunan ang kakulangan sa koleksyon na nagmumula sa aktibidad ng negosyo ng mga online na kompanya ng paglalakbay.

**NGAYON, SAMAKATUWID,**

**IPINAG-AATAS NG MGA MAMAMAYAN NG LUNGSOD NG LOS ANGELES ANG MGA SUMUSUNOD:**

Seksyon 1. Ang unang talata ng Seksyon 21.7.2 ng Artikulo 1.7, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles ay inamyendahan upang mabasa bilang mga sumusunod:

> Maliban kung iba ang hinihingi ng konteksto, ang mga kahulugang ibinigay sa seksyong ito ang namamahala sa pagkakabuo ng artikulong ito. Ang mga kahulugan ay nilalayong bigyang-kahulugan nang malawakan pabor sa pagpapataw, pangongolekta, at pagpapadala ng buwis sa ilalim ng artikulong ito.

Sek. 2. Ang Subseksyon (e) ng Seksyon 21.7.2 ng Artikulo 1.7, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles ay binabago upang mabasa bilang mga sumusunod:

> (e) Upa. Ang “upa” ay nangangahulugang ang halagang sinisingil, natanggap man o hindi, para sa paninirahan o paggamit ng espasyo sa isang motel na may katumbas na halaga sa salapi, maging ito man ay babayaran sa pera, produkto, paggawa, o sa anumang

ibang paraan. Kabilang dito ang lahat ng natanggap na bayad tulad ng pera, kredito, ari-arian, at mga serbisyo ng anumang uri o kalikasan, nang walang anumang pagbabawas anuman~~.~~, at kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, ang mga sumusunod: ~~Walang anumang nakasaad sa kahulugang ito ang maaaring ipakahulugan na ang upa ay sinisingil nang direkta o hindi direkta para sa pag-okupa ng espasyo sa isang motel kapag ang espasyong iyon ay ibinigay sa nakatira bilang papuri mula sa nagpapatakbo at walang konsiderasyon na sinisingil o natanggap mula sa sinumang ibang tao~~

1. mga singil sa diskwento sa silid at mga bayarin sa pagpapadali;

2. mga bayarin sa transaksyon, mga bayarin sa serbisyo, mga bayarin sa pag-book, mga bayarin sa pagproseso, mga patong sa presyong tingi, mga komisyon, mga bayarin sa pagkansela at hindi natupad na reserbasyon, at mga Pagtatasa sa Pagmemerkado sa Turismo ng California;

3. hindi na-refund na paunang reserbasyon at iba pang deposito sa pag-upa;

4. mga singil na ipinapataw para sa mga bagay o serbisyo kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga singil para sa mga muwebles, kagamitang nakasabit, mga kasangkapang de-kuryente, kobre kama, tuwalya, mga taguan na hindi ginagamitan ng barya; paggamit o pag-access sa spa o sentro para sa kagalingan; paggamit o pag-access sa resort (karaniwang tinutukoy bilang mga bayarin sa resort o destinasyon); pag-access o paggamit ng internet, telebisyon, at telepono; paglilinis ng bahay o silid; pag-okupa ng alagang hayop, mga bayarin sa alagang hayop, o paglilinis na may kaugnayan sa alagang hayop; karagdagang mga bisita/pansamantalang pag-okupa; at/o mga hindi kumpletong araw, o maaga o huli na pagdating o pag-alis;

5. konsiderasyon o halagang natanggap ng isang nagpapatakbo mula sa isang programa ng gawad o gantimpala, kabilang ang pagtubos ng gawad ng mga puntos ng gantimpala, insentibo, o bonus; at

6. anumang iba pang singil na makatwirang maiuugnay sa upa na bahagi ng isang pakete sa paglalakbay.

Walang anumang nakasaad sa kahulugang ito ang dapat bigyang-kahulugan na ang upa ay sinisingil nang direkta o hindi direkta para sa pag-okupa ng espasyo sa isang motel kapag ang espasyong iyon ay ibinigay sa nakatira bilang papuri mula sa nagpapatakbo at walang konsiderasyon na sinisingil o natanggap mula sa sinumang ibang tao.

Sek. 3. Ang Subseksyon (f) ng Seksyon 21.7.2 ng Artikulo 1.7, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles ay binabago upang mabasa bilang mga sumusunod:

(f) Nagpapatakbo. Ang ibig sabihin ng "Nagpapatakbo" ay sinumang tao na pangunahing nagpapatakbo o pangalawang nagpapatakbo. ~~ang taong may-ari ng motel o sinumang ibang tao na may karapatang magpa-upa ng mga silid sa loob ng motel, maging sa kapasidad ng may-ari, nangungupahan, may-ari ng mortgage, may lisensya o anumang iba pang kapasidad. Ang may-ari o nagmamay-ari ng negosyo na pangunahing responsable sa pagpapatakbo ng motel ay ituturing na pangunahing nagpapatakbo. Kung ang pangunahing nagpapatakbo ay gumaganap o nagtatalaga ng mga tungkulin nito, nang buo o bahagi, sa pamamagitan ng isang ahente ng pamamahala, ahente ng pag-book, nagbebenta ng silid o muling nagbebenta ng silid, o sinumang iba pang ahente o kontratista, kabilang ngunit hindi limitado sa mga Plataporma ng Pagho-host gaya ng tinukoy sa 12.03 ng Kodigong ito, mga online na nagbebenta ng silid, mga online na muling nagbebenta ng silid, at mga online na~~

~~ahente sa paglalakbay, ng anumang uri o katangian maliban sa isang empleyado, ang mga taong iyon ay ituturing na mga pangalawang nagpapatakbo.~~

~~Ang pangalawang nagpapatakbo ay ituturing na isang nagpapatakbo para sa mga layunin ng artikulong ito at magkakaroon ng parehong mga tungkulin at pananagutan gaya ng pangunahing nagpapatakbo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pangongolekta at pagpapadala ng buong halaga ng buwis na utang sa ilalim ng mga probisyon ng artikulong ito sa Lungsod. Maaaring tuparin ng pangalawang nagpapatakbo ang mga obligasyon nito sa ilalim ng mga probisyon ng artikulong ito sa pamamagitan ng pagsusumite ng buong halaga ng buwis na dapat bayaran sa ilalim ng artikulong ito, kasama ang kredito para sa anumang mga buwis na ipinapataw sa anumang ibang nagpapatakbo, direkta man sa Direktor ng Pananalapi o sa pamamagitan ng pangunahing nagpapatakbo.~~

~~Ang pagsunod sa mga probisyon ng artikulong ito ng alinman sa pangunahing nagpapatakbo o ng pangalawang nagpapatakbo ay ituturing na pagsunod ng pareho at walang probisyon ng artikulong ito ang ituturing na mangangailangan ng pagbabayad at/o pagpapadala ng anumang halaga maliban sa buong halaga ng buwis na utang ng pansamantalang pag-okupa.~~

Sek. 4. Ang mga bagong Subseksyon (g) hanggang (n) ay idinaragdag sa Seksyon 21.7.2 ng Artikulo 1.7, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles upang mabasa ang mga sumusunod:

(g) Bayad sa Pagpapadali. Ang "Bayad sa Pagpapadali" ay nangangahulugang ang halaga kung saan ang naka-post na singil sa silid ay lumampas sa singil sa may diskwentong singil sa kwarto, kung mayroon man.

(h) Tagapamagitan. Ang "Tagapamagitan" ay nangangahulugang sinumang tao na direkta o hindi direktang (i) nagpapadali ng paninirahan sa isang motel, at (ii) naniningil, nangongolekta, o tumatanggap ng upa kaugnay ng naturang paninirahan, na maaaring kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, isang bayad sa pagpapadali. Kasama sa tagapamagitan, ngunit hindi limitado sa, isang ahente sa paglalakbay o pag-book, Plataporma ng Pagho-host gaya ng tinukoy sa ilalim ng Seksyon 12.22 A.32 ng Kodigong ito, isang nagbebenta o muling nagbebenta ng silid, isang online na nagbebenta o muling nagbebenta ng silid, at isang online na ahente sa paglalakbay o kompanya ng anumang uri o kalikasan.

(i) Pinapadali ang paninirahan sa isang motel. Ang "pinapadali ang paninirahan sa isang motel" ay nangangahulugang pakikipag-ugnayan, pag-uugnay, o sa anumang iba pang paraan ay pagsasaayos para sa pagbili ng, pagbebenta para sa, o karapatan sa, paninirahan sa isang pampublikong motel (ng kostumer).

(j) Diskwentong Singil sa Kwarto. Ang "Diskwentong Singil sa Kwarto" ay nangangahulugang ang kabuuang halagang sinisingil ng nagpapatakbo sa pangalawang nagpapatakbo para sa pag-okupa sa isang motel na inuupahan.

(k) Naka-post na Singil sa Kwarto. Ang "Naka-post na Singil sa Kwarto" ay nangangahulugang ang kabuuang konsiderasyon na sinisingil ng isang tagapamagitan sa isang pansamantalang bagay, kabilang ang anumang bayarin o singil na ipinataw kaugnay ng pagbebenta bago ang mga buwis.

(l) Pakete sa Paglalakbay. Ang "Pakete sa Paglalakbay" ay nangangahulugang isang akomodasyon na kasama ang isa o higit pang magkakahiwalay na bahagi tulad ng transportasyon sa himpapawid, pag-upa ng kotse, o mga katulad na bagay at sinisingil sa iisang presyo lamang.

(m) Pangalawang Nagpapatakbo. Ang "Pangalawang Nagpapatakbo" ay nangangahulugang sinumang tao na isang ahente ng pamamahala, ahente ng pag-book, nagbebenta ng silid o muling nagbebenta ng silid, broker, tagapamagitan, o anumang iba pang ahente o kontratista, kabilang ngunit hindi limitado sa isang Plataporma ng Pagho-host gaya ng tinukoy sa Seksyon 12.22 A.32 ng Kodigong ito, online na nagbebenta ng kuwarto, online na muling nagbebenta ng kuwarto, at online na ahente sa paglalakbay, ng anumang uri o katangian na pinagtatalagahan ng isang pangunahing nagpapatakbo ng alinman sa mga tungkulin nito, nang buo o bahagi, maliban sa isang empleyado.

(n) Pangunahing Nagpapatakbo. Ang "Pangunahing Nagpapatakbo" ay nangangahulugang sinumang tao na may karapatang magpa-upa ng mga silid sa loob ng isang motel, maging sa kapasidad ng may-ari, nangungupahan, nagmamay-ari ng mortgage, may lisensya, o anumang iba pang kapasidad at siyang pangunahing responsable para sa pagpapatakbo ng motel.

Sek. 5. Ang Seksyon 21.7.5 ng Artikulo 1.7, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles ay binabago upang mabasa bilang mga sumusunod:

**SEK. 21.7.5. MGA TUNGKULIN NG NAGPAPATAKBO.**

Ang bawat nagpapatakbo ay dapat mangolekta ng buwis na ipinapataw ng artikulong ito sa parehong lawak at kasabay ng pagsingil ng upa mula sa bawat pansamantalang pag-okupa. Ang halaga ng buwis ay dapat na hiwalay na nakasaad sa halaga ng upa na sinisingil at ang bawat pansamantalang pag-okupa ay dapat makatanggap ng resibo para sa pagbabayad mula sa nagpapatakbo. Walang nagpapatakbo ~~ng isang motel~~ ang mag-aanunsyo o magsasaad sa anumang paraan, direkta man o hindi direkta, na ang buwis o anumang bahagi nito ay kukunin o sasagutin ng ~~ang~~ ganyang nagpapatakbo, o na hindi ito idadagdag sa upa, o na, kung idadagdag, ang anumang bahagi ay ibabalik maliban sa paraang nakasaad dito. Maaaring tuparin ng isang pangalawang nagpapatakbo ang mga obligasyon nito sa ilalim ng mga probisyon ng artikulong ito sa pamamagitan ng pagsusumite ng buong halaga ng buwis na dapat bayaran sa ilalim ng artikulong ito, kasama ang kredito para sa anumang mga buwis na ipinapadala sa kaugnay na nagpapatakbo, direkta man sa Direktor ng Pananalapi o sa pamamagitan ng iba pang kaugnay na nagpapatakbo. Ang pagsunod sa mga probisyon ng artikulong ito ng alinman sa pangunahing nagpapatakbo o ng pangalawang nagpapatakbo ay ituturing na pagsunod ng pareho kaugnay ng naaangkop na obligasyon sa buwis at walang probisyon ng artikulong ito ang ituturing na mangangailangan ng pagbabayad at/o pagpapadala ng anumang halaga maliban sa buong halaga ng buwis na utang ng pansamantalang pag-okupa.

Sek. 6. Ang unang talata ng Seksyon 21.7.7 ng Artikulo 1.7, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles ay inamyendahan upang mabasa bilang mga sumusunod:

~~Bawat~~ Isang nagpapatakbo ay dapat, sa o bago ang ika-25 araw ng bawat buwan ng kalendaryo, gumawa ng isang pahayag sa Direktor ng Pananalapi ng kabuuang upa na sinisingil at natanggap, at ang halaga ng buwis na nakolekta para sa mga pansamantalang pag-okupa sa nakaraang buwan ng kalendaryo, kasama ang isang pahayag ng halaga ng upa na natanggap mula sa bawat pangalawang nagpapatakbo para sa nasabing naunang buwan ng kalendaryo, hanggang sa lawak na naaangkop. Sa oras na maihain ang pahayag, ang buong halaga ng buwis na nakolekta at buwis na hindi nakolekta ngunit kinakailangang kolektahin, ay dapat ipadala sa Direktor ng Pananalapi. Maliban sa nakasaad sa Sek. 21.7.8, ang isang nagpapatakbo ay hindi kinakailangang magpadala sa Direktor ng Pananalapi ng anumang halaga ng buwis na hindi nakolekta at hindi kinakailangang kolektahin mula sa isang pansamantalang pag-okupa. Ang lahat ng buwis na nakolekta at kinakailangang kolektahin ng mga nagpapatakbo alinsunod sa artikulong ito ay itatago sa trust para sa account ng Lungsod

hanggang sa mabayaran ang mga ito sa Lungsod. Ang buong halaga ng buwis na dapat bayaran, nakolekta man o hindi nakolekta, sa ilalim ng Artikulong ito ay ituturing na utang ng nagpapatakbo sa Lungsod at babayaran lamang sa oras ng pagbabayad sa Lungsod.

Sek. 7. Pagsusumite sa mga botante. Ang ordinansa rito ay dapat isumite sa mga botante ng Lungsod. Kung ang ordinansa ay maaprubahan ng karamihan ng mga boto, ang ordinansa ay dapat ipatupad at ang mga naaangkop na seksyong nakasaad dito ay ituturing na bahagi ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles.

Sek. 8. Mga pag-amyenda. Maaaring amyendahan ng Konseho ng Lungsod ang anumang probisyon ng ordinansang ito, ngunit ang anumang pagsusog na magreresulta sa pagpapataw, pagpapalawig, o pagtaas ng buwis ay mangangailangan ng pag-apruba ng botante.

Sek. 9. Pagkakahiwalay. Kung ang anumang seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, o aplikasyon ng ordinansang ito o anumang bahagi nito ay ituring na labag sa konstitusyon o hindi wasto ng anumang hukuman o tribunal na may kakayahang hurisdiksyon, ang natitirang mga seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, o aplikasyon ng ordinansa ay mananatiling may ganap na bisa at epekto, at para dito ang mga probisyon ng ordinansang ito ay maaaring paghiwalayin. Bukod pa rito, idinedeklara ng mga botante na naipasa sana nila ang lahat ng seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi at aplikasyon ng ordinansang ito nang wala ang seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi o aplikasyon na ipinasiyang labag sa konstitusyon o hindi wasto.

Sek. 10. Ang panukalang ito ay nilayon ng Konseho ng Lungsod at ng mga botante na maging komplementaryo at karagdagan sa panukala sa balota na may kaugnayan sa pagtataas ng Buwis sa Pansamantalang Pag-okupa na isinumite sa mga botante ng Konseho ng Lungsod upang lumabas sa parehong balota ng panukalang ito. Kung sakaling ang parehong hakbang ay maaprubahan ng karamihan ng mga botante, ang mga probisyon ng mga hakbang ay ituturing na komplementaryo at karagdagan sa isa't isa at hindi magkasalungat, at lahat ng probisyon ng parehong hakbang ay dapat ipatupad at maging balido.

## TT PAGPONDO PARA SA MGA SERBISYO NG LUNGSOD SA PAMAMAGITAN NG MGA PAGBABAGO SA BUWIS SA PANANDALIANG PANUNULUYAN. PANUKALA TT.

Dapat bang magpatibay ng isang ordinansa upang pondohan ang pangkalahatang mga serbisyo ng Lungsod, tulad ng pagkukumpuni ng mga kalsada/bangketa, 911 na pagtugon sa emerhensiya, proteksyon laban sa sunog, at mga parke, sa pamamagitan ng: pagtaas ng buwis sa panandaliang panunuluyan, na kasalukuyang 14% na binabayaran ng mga panauhin sa hotel at iba pang matutuluyan, sa 16% hanggang 2028 at pagkatapos ay 15% pagkaraan nito; at pag-aatas sa mga online at iba pang kompanya ng paglalakbay na mangolekta at mag-remit ng buwis; na inaasahang makakalikom ng humigit-kumulang $22–44 milyon kada taon hanggang ito ay wakasan ng mga botante?

### WALANG-PINAPANIGANG PAGSASABUOD
### NI SHARON M. TSO, PUNONG MANUNURI NG BATAS

Ang Kodigong Munisipal ng Lungsod ng Los Angeles (LAMC), Kabanata II, Artikulo 1.7 ay nagbibigay ng mga alituntunin para sa Buwis sa Pansamantalang Pag-okupa (TOT) ng Lungsod, na siyang buwis na binabayaran ng bawat bisitang naninirahan sa kuwarto o espasyo sa hotel sa loob ng 30 magkakasunod na araw o mas maikli pa. 14 na porsyento ng kabuuang upa na binabayaran ng bisita ang kasalukuyang TOT, kasama na ang lahat ng bayarin at singil sa serbisyo. Ipinatupad ang 14 na porsyentong rate ng TOT rate simula pa noong 1993. Babaguhin ng hakbang na ito ang LAMC para magpataw ng pansamantalang dalawang porsyentong pagtaas sa rate ng TOT sa 16 na porsyento hanggang Disyembre 31, 2028 at pagkatapos ay magtatatag ng permanenteng rate ng TOT na 15 porsyento sa o pagkatapos ng Enero 1, 2029.

Ang mga online na ahensya sa paglalakbay, kumpanya, plataporma, at iba pang katulad na tagapamagitan ay nagpapatakbo sa pamamagitan ng pakikipagnegosasyon sa mga hotel para sa diskwento o pakyawan na presyo para sa mga kuwarto ng hotel at pagkatapos ay naniningil sa mga bisita ng mas mataas na halaga sa pamamagitan ng pagdaragdag ng iba pang mga bayarin at singil sa serbisyo para sa karapatang tumira sa kuwarto. Ang mga karagdagang bayarin at singil sa serbisyo ay wala sa saklaw ng kasalukuyang mga alituntunin ng TOT. Nagbibigay ang LAMC ng wika para sa mga hotel at mga online na entidad ng hotel na magbigay ng TOT batay sa unang napagkasunduang halaga ng kuwarto, sa halip na magbigay ng TOT batay sa aktwal na upa na sinisingil sa bisita para tumira sa kuwarto, kasama na ang lahat ng bayarin at singil sa serbisyo na idinaragdag ng mga online na kumpanya sa paglalakbay.

Babaguhin din ng panukalang ito ang LAMC para i-update ang kahulugan ng upa para sa layunin ng pagkalkula ng TOT bilang ang kabuuang halagang binayaran ng nakatira, kabilang ang mga sumusunod na bayarin at singil sa serbisyo:

- Mga Diskwentong Singil sa Kuwarto – Ang kabuuang halagang sinisingil ng hotel sa online na kumpanya sa paglalakbay, ahente sa pagbo-book, o tagapagbenta ng kuwarto para sa paninirahan sa hotel na inuupahan;
- Mga Bayarin sa Pagpapadali – Ang halaga kung saan ang naka-post na singil sa kuwarto ay lumampas sa singil sa kuwarto na may diskwento, kung mayroon man;
- Mga bayarin sa transaksyon, bayarin sa serbisyo, bayarin sa pag-book, bayarin sa pagproseso, patong sa presyong tingi, komisyon, bayarin sa pagkansela at hindi natupad na reserbasyon, at mga Pagtatasa sa Pagmemerkado sa Turismo ng California;
- Hindi naibalik na paunang reserbasyon at iba pang deposito sa pag-upa;
- Mga singil na ipinapataw para sa mga aytem o serbisyo;

- Konsiderasyon o halagang natanggap ng nagbebenta mula sa programa ng parangal o gantimpala; at
- Anumang iba pang singil na makatwirang maiuugnay sa upa na bahagi ng naka-pack na paglalakbay.

Bukod pa rito, ina-update ng hakbang na ito ang mga kinakailangan sa pangongolekta sa lahat ng nagpapatakbo ng hotel at nagdadagdag ng mga kinakailangan sa pag-uulat kaugnay ng mga online na ahensya sa paglalakbay, kumpanya, plataporma, at iba pang katulad na tagapamagitan. Idedeposito sa Pangkalahatang Pondo ng Lungsod ang kita ng TOT na makokolekta sa ilalim ng panukalang ito at gagamitin para suportahan ang mga serbisyo ng Lungsod, tulad ng pagkukumpuni ng kalye at bangketa at proteksyon sa sunog.

Isang hiwalay na panukala sa balota ang gumagawa ng mga katulad na susog sa LAMC kaugnay ng kahulugan ng upa sa Ordinansa ng TOT ng Lungsod. Kasama sa panukala sa balota na ito ang probisyon na nagsasaad na ito ay komplementaryo at hindi sumasalungat sa isa pang panukalang TOT. Nakasaad sa probisyon na kung ang parehong hakbang ay makatatanggap ng pagsang-ayon ng mayorya ng botante, ang lahat ng probisyon ng parehong hakbang ay maisasabatas at magiging balido.

Magkakabisa ang panukalang ito kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

## PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI
## NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA PAMPANGASIWAAN NG LUNSOD

Itataas ng panukala na ito ang Buwis sa Pansamantalang Pag-okupa (TOT) ng Lungsod mula 14% patungong 16% hanggang 2028. Inaasahang lilikha ng $44 milyon sa taunang kita ng Lungsod ang pagtaas na ito para mabawi ang pagtaas ng pasanin sa mga serbisyo at imprastraktura ng Lungsod sa panahon ng mga pangunahing kaganapan na nagaganap sa loob at paligid ng Lungsod hanggang 2028 kabilang ang pero hindi limitado sa 2027 Super Bowl at sa 2028 Olympic at Paralympic Games. Sa 2029, ang rate ng TOT ay bababa sa 15%, na bubuo ng tinatayang $22 milyon sa patuloy na taunang kita para sa mga pangkalahatang serbisyo ng Lungsod. Ia-update din ng hakbang na ito ang TOT para isara ang butas na kinasasangkutan ng mga online na kumpanya sa paglalakbay. Inaatasan nito ang mga online na kumpanya sa paglalakbay na singilin at ipadala ang TOT para sa lahat ng singil sa serbisyo at bayarin na ipinapataw kapag nagbo-book ng kuwarto sa hotel. Ang hakbang na ito ay hindi inaasahang magreresulta sa anumang karagdagang gastos sa Lungsod.

## PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON TT

**BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON TT, Pagtaas ng Buwis sa Hotel sa Los Angeles**

Ang Los Angeles ay mayroon nang isa sa pinakamataas na rate ng buwis sa hotel sa California na 14%. Itinataas ng Proposisyon TT ang Buwis sa Pansamantalang Pananatili (Buwis sa hotel), na magtutulak sa mga bisita palabas ng mga limitasyon ng Lungsod ng Los Angeles, magbabawas sa kita sa buwis para sa pangunahing mga serbisyo ng Lungsod, at magbabanta sa mga trabaho sa mas malawak na ekonomiya ng turismo.

Hindi pa lubusang nakabangon ang turismo sa Los Angeles simula nang magkaroon ng pandemya. Ang dami ng mga bisita ay nananatiling mas mababa kaysa sa antas noong 2019, habang ang mga gastos sa pagpapatakbo ng hotel ay patuloy na tumataas. Marami na ang nahihirapang mapanatili ang mga tauhan, serbisyo, at oras ng trabaho.

Nahaharap ang Lungsod sa kakulangan ng $28 milyong kita mula sa Buwis sa Hotel sa nakalipas na dalawang taon. Pinopondohan ng mga buwis na ito ang mga mahahalagang serbisyo, kabilang ang mga kalsada, parke, at kaligtasan ng publiko. Ang isang bagong pagtaas ng buwis sa turismo ay lalong nagpapalawak lamang sa depisit na ito sa pamamagitan ng pagdami ng mga bisita sa mga katabing lungsod tulad ng Long Beach, Santa Monica, o Beverly Hills.

Sinusuportahan ng turismo ang mahigit kalahating milyong trabahong may magagandang suweldo at pinapalakas ang lokal na paggastos sa mga restawran, institusyong pangkultura, mga lugar ng libangan, at maliliit na negosyo. Kapag pinili ng mga bisita na manatili at gumastos sa labas ng mga limitasyon ng Lungsod, nawawalan ang Los Angeles ng mahalagang aktibidad pang-ekonomiya na sumusuporta sa maliliit na negosyo at mga lokal na trabaho.

Ang pagtataas ng buwis ay hindi nakakatulong sa Los Angeles na maghanda para sa mga pangunahing pandaigdigang kaganapan tulad ng World Cup at Olympics. Ang mas mataas na gastos para sa mga bisita ay nagiging dahilan upang hindi gaanong maging kaakit-akit ang Los Angeles sa mga manlalakbay at mga kumperensya, lalo na't nakikipagkumpitensya ang lungsod sa maraming kalapit na destinasyong mas abot-kaya.

Hinihikayat ng Proposisyon TT ang pamumuhunan sa sektor ng turismo at mabuting pakikitungo sa hinaharap. Kapag lumipat ang mga bagong hotel at proyekto sa labas ng Lungsod, nawawalan ang Los Angeles ng mga trabaho sa konstruksyon, pangmatagalang trabaho, at mga mapagkukunan ng kita sa hinaharap.

May mas mahuhusay na paraan upang patatagin ang pananalapi ng Lungsod nang hindi pinapahina ang isa sa pinakamalaking tagapag-empleyo sa pribadong sektor at pinakamahalagang makinang pang-ekonomiya ng Los Angeles.

Protektahan ang mga trabaho. Protektahan ang turismo. Protektahan ang mga kitang nagpopondo sa ating mga unang tagatugon.

**BUMOTO NG HINDI SA PRORPOSISYON TT.**

**Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod.**

## MGA TAONG LUMALAGDA NG MGA PANGANGATWIRAN LABAN SA PROPOSISYON TT

JOHN S. LEE
Miyembro ng Konseho, ika-12 ng Distrito

JACKIE FILLA
Presidente/CEO
Hotel Association of Los Angeles

ROBERT C. LAPSLEY
Presidente
California Business Roundtable

CHAD MAENDER
Presidente/CEO
LAX Coastal Chamber

RAY PATEL
Presidente
Northeast Los Angeles Owners Association

TRACY HERNANDEZ
Tagapagtatag na CEO
Los Angeles County Business Federation

## WALANG PANGANGATWIRANG PANIG SA PANUKALA NA ITO ANG ISINUMITE.

## SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON TT

**Negatibong Nakakaapekto ang Proposisyon TT sa Lahat ng mga taga-Los Angeles na Walang Pananagutan.**

Ang mga hotel ay nagbibigay ng mahahalagang tuluyan para sa mga taga-Los Angeles—mga nangungupahan na nawalan ng tirahan dahil sa mga emerhensiya, mga nakatatanda, mga manggagawa sa pagitan ng mga kontrata ng pag-upa, mga pamilyang bumibisita sa mga mahal sa buhay, at mga residenteng walang tirahan na inilagay sa pamamagitan ng mga programa ng kupon. Ang pagtataas ng buwis ay nagpapataas ng abot-kayang presyo para sa mismong mga residenteng umaasa sa mga hotel na ito bilang bahagi ng ating suportang panlipunan sa pabahay. Hindi lamang mga turista ang naaapektuhan ng Proposisyon TT—naaapektuhan din nito ang mga taga-Los Angeles na umaasa sa mga hotel sa buong taon.

Ipapadala ng Proposisyon TT ang kita mula sa buwis na ito sa pangkalahatang pondo ng lungsod, ibig sabihin ay walang garantiya kung paano gagastusin ang pera. **<u>Ang Proposisyon TT ay isang permanenteng pagtaas ng buwis nang walang malinaw na pananagutan o nakalaang pagpopondo.</u>**

Bago muling magtaas ng buwis, dapat magpokus ang Los Angeles sa mas responsableng pamamahala ng mga umiiral na mapagkukunan.

**Bumoto ng HINDI sa proposisyon TT!**

### MGA TAONG PUMIRMA SA SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON TT

JOHN S. LEE
Miyembro ng Konseho, ika-12 na Distrito

**Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod.**

## TEKSTO NG IMINUNGKAHING PANUKALA SA BALOTA

## ORDINANSA BLG.__________

Isang ordinansa na nag-aamyenda sa mga bahagi ng Artikulo 1.7 ng Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles upang itaas ang Buwis sa Pansamantalang Pag-okupa ng Lungsod ng Los Angeles sa 16% hanggang 2028 at 15% pagkatapos nito, at upang atasan ang mga online na ahensya sa paglalakbay, kumpanya, at platporma na kolektahin at ipadala ang buwis sa lahat ng singil at bayarin na ipinapataw para sa isang silid ng motel. (Ang mga pagbabago sa wika ng Kodigong Munisipal ay ipinapakita sa <u>salungguhit</u> para sa karagdagang wika at ~~pag-strikeout~~ para sa binurang wika.)

**SAPAGKAT,** itinatatag ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles ang Buwis sa Pansamantalang Pag-okupa (TOT) ng Lungsod, na isang buwis na binabayaran ng isang taong naninirahan sa isang silid o espasyo sa isang motel gaya ng tinukoy sa ordinansa ng TOT;

**SAPAGKAT,** ang rate ng buwis na nakapaloob sa kasalukuyang TOT ng Lungsod ay 14% ng singil sa silid;

**SAPAGKAT,** ang ibang kalapit na lungsod ay nagpapataw ng mas mataas na TOT rate kaysa sa Lungsod ng Los Angeles;

**SAPAGKAT,** naglabas ang Opisyal ng Administratibo ng Lungsod (CAO) ng mga ulat na tumutukoy sa pangangailangan ng Lungsod na palakasin ang katatagan ng pananalapi ng Lungsod at pangalagaan ang mga pangunahing serbisyo, kabilang ang pagkukumpuni ng kalye at bangketa, mga serbisyo sa pagtugon sa emerhensiya, proteksyon sa sunog, mga programa sa parke at parke, at iba pang pangkalahatang mga serbisyo ng Lungsod (Tingnan ang File ng Konseho Blg. 25-0029);

**SAPAGKAT,** inaasahan ng Lungsod ang pagdagsa ng mga bisita mula sa labas ng Los Angeles na bibisita sa Lungsod para sa 2027 Super Bowl at sa 2028 Olympic at Paralympic Games na magpapataas ng pangangailangan para sa mga serbisyo ng Lungsod at magpapabigat sa imprastraktura ng Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang panukala na ito, kung maaprubahan ng mga botante, ay pansamantalang magpapataas sa kasalukuyang rate ng TOT ng Lungsod ng 2% hanggang 2028 upang makabuo ng kita mula sa ekonomiya ng turismo ng rehiyon, na inaasahang madaragdagan ng pagdagsa ng mga bisitang inaasahan para sa 2027 Super Bowl at 2028 Olympic at Paralympic Games, at, pagkatapos nito, tataas ang kasalukuyang rate ng TOT ng 1% upang magbigay ng karagdagang mapagkukunan ng kita upang madagdagan ang pangkalahatang nagpapatakbong badyet ng Lungsod upang makapagbigay ng mga kinakailangang serbisyo ng Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang Tanggapan ng Pananalapi ay naglabas ng mga ulat na nagsusuri sa kakulangan sa koleksyon ng TOT na lumilitaw kapag ang mga silid sa motel ay binu-book sa pamamagitan ng mga online na kumpanya ng paglalakbay (Tingnan ang Mga Tala ng Konseho Blg. 23-0318 at 24-1456);

**SAPAGKAT,** gaya ng sinuri sa mga ulat ng Tanggapan ng Pananalapi, ang modelo ng negosyo na ginagamit ng mga online na kompanya ng paglalakbay, kung saan ang online na kompanya ng paglalakbay ay nakikipagnegosasyon para sa isang diskwento o pakyawan na rate para sa mga kuwarto sa motel ngunit pagkatapos ay naniningil sa kustomer ng mas mataas na halaga para sa karapatang tumira sa kuwarto, ay nagreresulta sa mga singil na may kaugnayan sa kuwarto na wala sa saklaw ng kasalukuyang TOT;

**SAPAGKAT,** naglabas ang CAO ng ulat na nagsasaad ng mga benepisyong pinansyal sa pangkalahatang nagpapatakbong badyet ng Lungsod sa pagtugon sa kakulangan sa koleksyon ng TOT na nagmumula sa pagkakaiba sa pananalapi sa pagitan ng pakyawan o may diskwentong mga rate na binabayaran ng mga online travel company at ang halagang binabayaran ng mga bisita ng motel na nagbabayad para sa mga silid ng motel sa pamamagitan ng isang online na kompanya ng paglalakbay; at

**SAPAGKAT,** ang panukala sa balota na ito, kung aprubahan ng mga botante, ay mag-a-update sa umiiral na ordinansa ng Lungsod tungkol sa TOT upang matugunan ang kakulangan sa koleksyon na nagmumula sa aktibidad ng negosyo ng mga online na kompanya ng paglalakbay.

**NGAYON, SAMAKATUWID,**

**IPINAG-AATAS NG MGA MAMAMAYAN NG LUNGSOD NG LOS ANGELES ANG MGA SUMUSUNOD:**

Seksyon 1. Ang unang talata ng Seksyon 21.7.2 ng Artikulo 1.7, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles ay inamyendahan upang mabasa bilang mga sumusunod:

> Maliban kung iba ang hinihingi ng konteksto, ang mga kahulugang ibinigay sa seksyong ito ang namamahala sa pagkakabuo ng artikulong ito. Ang mga kahulugan ay nilalayong bigyang-kahulugan nang malawakan pabor sa pagpapataw, pangongolekta, at pagpapadala ng buwis sa ilalim ng artikulong ito.

Sek. 2. Ang Subseksyon (e) ng Seksyon 21.7.2 ng Artikulo 1.7, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles ay binabago upang mabasa bilang mga sumusunod:

> (e) Upa. Ang "upa" ay nangangahulugang ang halagang sinisingil, natanggap man o hindi, para sa paninirahan o paggamit ng espasyo sa isang motel na may katumbas na halaga sa salapi, maging ito man ay babayaran sa pera, produkto, paggawa, o sa anumang ibang paraan. Kabilang dito ang lahat ng natanggap na bayad tulad ng pera, kredito, ari-arian, at mga serbisyo ng anumang uri o kalikasan, nang walang anumang pagbabawas anuman~~.~~, at kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, ang mga sumusunod: ~~Walang anumang nakasaad sa kahulugang ito ang maaaring ipakahulugan na ang upa ay sinisingil nang direkta o hindi direkta para sa pag-okupa ng espasyo sa isang motel kapag ang espasyong iyon ay ibinigay sa nakatira bilang papuri mula sa nagpapatakbo at walang konsiderasyon na sinisingil o natanggap mula sa sinumang ibang tao~~

1. mga singil sa diskwento sa silid at mga bayarin sa pagpapadali;
2. mga bayarin sa transaksyon, mga bayarin sa serbisyo, mga bayarin sa pag-book, mga bayarin sa pagproseso, mga patong sa presyong tingi, mga komisyon, mga bayarin sa pagkansela at hindi natupad na reserbasyon, at mga Pagtatasa sa Pagmemerkado sa Turismo ng California;
3. hindi na-refund na paunang reserbasyon at iba pang deposito sa pag-upa;
4. mga singil na ipinapataw para sa mga bagay o serbisyo kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga singil para sa mga muwebles, kagamitang nakasabit, mga kasangkapang de-kuryente, kobre kama, tuwalya, mga taguan na hindi ginagamitan ng barya; paggamit o pag-access sa spa o sentro para sa kagalingan; paggamit o pag-access sa resort (karaniwang tinutukoy bilang mga bayarin sa resort o destinasyon); pag-access o paggamit ng internet, telebisyon, at telepono; paglilinis ng bahay o silid; pag-okupa ng alagang hayop, mga bayarin sa alagang hayop, o paglilinis na may kaugnayan sa alagang hayop; karagdagang mga bisita/pansamantalang pag-okupa; at/o mga hindi kumpletong araw, o maaga o huli na pagdating o pag-alis;
5. konsiderasyon o halagang natanggap ng isang nagpapatakbo mula sa isang programa ng gawad o gantimpala, kabilang ang pagtubos ng gawad ng mga puntos ng gantimpala, insentibo, o bonus; at

6. anumang iba pang singil na makatwirang maiuugnay sa upa na bahagi ng isang pakete sa paglalakbay.

Walang anumang nakasaad sa kahulugang ito ang dapat bigyang-kahulugan na ang upa ay sinisingil nang direkta o hindi direkta para sa pag-okupa ng espasyo sa isang motel kapag ang espasyong iyon ay ibinigay sa nakatira bilang papuri mula sa nagpapatakbo at walang konsiderasyon na sinisingil o natanggap mula sa sinumang ibang tao.

Sek. 3. Ang Subseksyon (f) ng Seksyon 21.7.2 ng Artikulo 1.7, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles ay binabago upang mabasa bilang mga sumusunod:

(f) Nagpapatakbo. Ang ibig sabihin ng "Nagpapatakbo" ay sinumang tao na pangunahing nagpapatakbo o pangalawang nagpapatakbo. ~~ang taong may-ari ng motel o sinumang ibang tao na may karapatang magpa-upa ng mga silid sa loob ng motel, maging sa kapasidad ng may-ari, nangungupahan, may-ari ng mortgage, may lisensya o anumang iba pang kapasidad. Ang may-ari o nagmamay-ari ng negosyo na pangunahing responsable sa pagpapatakbo ng motel ay ituturing na pangunahing nagpapatakbo. Kung ang pangunahing nagpapatakbo ay gumaganap o nagtatalaga ng mga tungkulin nito, nang buo o bahagi, sa pamamagitan ng isang ahente ng pamamahala, ahente ng pag-book, nagbebenta ng silid o muling nagbebenta ng silid, o sinumang iba pang ahente o kontratista, kabilang ngunit hindi limitado sa mga Plataporma ng Pagho-host gaya ng tinukoy sa 12.03 ng Kodigong ito, mga online na nagbebenta ng silid, mga online na muling nagbebenta ng silid, at mga online na ahente sa paglalakbay, ng anumang uri o katangian maliban sa isang empleyado, ang mga taong iyon ay ituturing na mga pangalawang nagpapatakbo.~~

~~Ang pangalawang nagpapatakbo ay ituturing na isang nagpapatakbo para sa mga layunin ng artikulong ito at magkakaroon ng parehong mga tungkulin at pananagutan gaya ng pangunahing nagpapatakbo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pangongolekta at pagpapadala ng buong halaga ng buwis na utang sa ilalim ng mga probisyon ng artikulong ito sa Lungsod. Maaaring tuparin ng pangalawang nagpapatakbo ang mga obligasyon nito sa ilalim ng mga probisyon ng artikulong ito sa pamamagitan ng pagsusumite ng buong halaga ng buwis na dapat bayaran sa ilalim ng artikulong ito, kasama ang kredito para sa anumang mga buwis na ipinapataw sa anumang ibang nagpapatakbo, direkta man sa Direktor ng Pananalapi o sa pamamagitan ng pangunahing nagpapatakbo.~~

~~Ang pagsunod sa mga probisyon ng artikulong ito ng alinman sa pangunahing nagpapatakbo o ng pangalawang nagpapatakbo ay ituturing na pagsunod ng pareho at walang probisyon ng artikulong ito ang ituturing na mangangailangan ng pagbabayad at/o pagpapadala ng anumang halaga maliban sa buong halaga ng buwis na utang ng pansamantalang pag-okupa.~~

Sek. 4. Ang mga bagong Subseksyon (g) hanggang (n) ay idinaragdag sa Seksyon 21.7.2 ng Artikulo 1.7, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles upang mabasa ang mga sumusunod:

(g) Bayad sa Pagpapadali. Ang "Bayad sa Pagpapadali" ay nangangahulugang ang halaga kung saan ang naka-post na singil sa silid ay lumampas sa singil sa may diskwentong singil sa kwarto, kung mayroon man.

(h) Tagapamagitan. Ang "Tagapamagitan" ay nangangahulugang sinumang tao na direkta o hindi direktang (i) nagpapadali ng paninirahan sa isang motel, at (ii) naniningil, nangongolekta, o tumatanggap ng upa kaugnay ng naturang paninirahan, na maaaring kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, isang bayad sa pagpapadali. Kasama sa tagapamagitan, ngunit hindi limitado sa, isang ahente sa paglalakbay o pag-book, Plataporma ng Pagho-host gaya ng tinukoy sa ilalim ng Seksyon 12.22 A.32 ng Kodigong ito, isang nagbebenta o muling nagbebenta

ng silid, isang online na nagbebenta o muling nagbebenta ng silid, at isang online na ahente sa paglalakbay o kompanya ng anumang uri o kalikasan.

(i) Pinapadali ang paninirahan sa isang motel. Ang "pinapadali ang paninirahan sa isang motel" ay nangangahulugang pakikipag-ugnayan, pag-uugnay, o sa anumang iba pang paraan ay pagsasaayos para sa pagbili ng, pagbebenta para sa, o karapatan sa, paninirahan sa isang pampublikong motel (ng kostumer).

(j) Diskwentong Singil sa Kwarto. Ang "Diskwentong Singil sa Kwarto" ay nangangahulugang ang kabuuang halagang sinisingil ng nagpapatakbo sa pangalawang nagpapatakbo para sa pag-okupa sa isang motel na inuupahan.

(k) Naka-post na Singil sa Kwarto. Ang "Naka-post na Singil sa Kwarto" ay nangangahulugang ang kabuuang konsiderasyon na sinisingil ng isang tagapamagitan sa isang pansamantalang bagay, kabilang ang anumang bayarin o singil na ipinataw kaugnay ng pagbebenta bago ang mga buwis.

(l) Pakete sa Paglalakbay. Ang "Pakete sa Paglalakbay" ay nangangahulugang isang akomodasyon na kasama ang isa o higit pang magkakahiwalay na bahagi tulad ng transportasyon sa himpapawid, pag-upa ng kotse, o mga katulad na bagay at sinisingil sa iisang presyo lamang.

(m) Pangalawang Nagpapatakbo. Ang "Pangalawang Nagpapatakbo" ay nangangahulugang sinumang tao na isang ahente ng pamamahala, ahente ng pag-book, nagbebenta ng silid o muling nagbebenta ng silid, broker, tagapamagitan, o anumang iba pang ahente o kontratista, kabilang ngunit hindi limitado sa isang Plataporma ng Pagho-host gaya ng tinukoy sa Seksyon 12.22 A.32 ng Kodigong ito, online na nagbebenta ng kuwarto, online na muling nagbebenta ng kuwarto, at online na ahente sa paglalakbay, ng anumang uri o katangian na pinagtatalagahan ng isang pangunahing nagpapatakbo ng alinman sa mga tungkulin nito, nang buo o bahagi, maliban sa isang empleyado.

(n) Pangunahing Nagpapatakbo. Ang "Pangunahing Nagpapatakbo" ay nangangahulugang sinumang tao na may karapatang magpa-upa ng mga silid sa loob ng isang motel, maging sa kapasidad ng may-ari, nangungupahan, nagmamay-ari ng mortgage, may lisensya, o anumang iba pang kapasidad at siyang pangunahing responsable para sa pagpapatakbo ng motel.

Sek. 5. Ang Seksyon 21.7.3 ng Artikulo 1.7, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles ay binabago upang mabasa bilang mga sumusunod:

**SEK. 21.7.3. IPINAPATAW NA BUWIS.**

Para sa pribilehiyo ng pag-okupa sa anumang motel, ang bawat pansamantalang pag-okupa ay napapailalim at magbabayad ng buwis ~~sa halagang apat na porsyento (4%) ng upa na sinisingil ng nagpapatakbo noong o pagkatapos ng Agosto 1, 1964, hanggang at kabilang ang Oktubre 31, 1967; at sa rate na limang porsyento (5%) mula sa petsang iyon hanggang at kabilang ang Pebrero 28, 1971; at sa rate na anim na porsyento (6%) mula sa petsang iyon hanggang at kabilang ang Hunyo 30, 1978; at sa rate na pito at kalahating porsyento (7.5%) mula sa petsang iyon hanggang at kabilang ang Hunyo 30, 1983; at sa rate na sampung porsyento (10%) mula sa petsang iyon hanggang at kabilang ang Disyembre 31, 1985; at sa rate na labing-isang porsyento (11%) mula sa petsang iyon hanggang at kabilang ang Disyembre 31, 1987; at sa rate na labindalawang porsyento (12%) mula sa petsang iyon hanggang at kabilang ang Agosto 31, 1990; at sa antas na labindalawa at kalahating porsyento (12.5%) mula sa petsang iyon hanggang at kasama ang Hulyo 31, 1993; at sa antas na labing-apat~~

~~na porsyento (14%) pagkatapos noon.~~ sa rate na labing-anim na porsyento (16%) ng upa na sinisingil ng nagpapatakbo para sa pag-okupa na magaganap sa o bago ang Disyembre 31, 2028; at sa rate na labinlimang porsyento (15%) ng upa na sinisingil ng nagpapatakbo para sa pag-okupa na magaganap sa o pagkatapos ng Enero 1, 2029. Ang nasabing buwis ay bumubuo ng utang na dapat bayaran ng pansamantalang pag-okupa sa Lungsod na napapawi sa pamamagitan ng pagbabayad sa nagpapatakbo o sa Lungsod. Magbabayad ng buwis ang pansamantalang pag-okupa sa nagpapatakbo ng motel sa oras na mabayaran ang upa. Kung ang upa ay binabayaran nang hulugan, o kung ang halagang binayaran ay mas mababa kaysa sa buong halaga ng upa at buwis na naipon sa oras ng pagbabayad, ang isang proporsyonal na bahagi ng buwis ay ituturing na nabayaran na sa bawat naturang pagbabayad o hulugan. Ang hindi nabayarang buwis ay dapat bayaran sa oras na tumigil ang pansamantalang pag-okupa sa pag-okupa ng espasyo sa motel. Kung sa anumang kadahilanan ay hindi nabayaran ang buwis sa nagpapatakbo ng motel, maaaring hilingin ng Direktor ng Pananalapi na ang naturang buwis ay direktang bayaran sa Lungsod.

Sek. 6. Ang Seksyon 21.7.5 ng Artikulo 1.7, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles ay binabago upang mabasa bilang mga sumusunod:

**SEK. 21.7.5. MGA TUNGKULIN NG NAGPAPATAKBO.**

Ang bawat nagpapatakbo ay dapat mangolekta ng buwis na ipinapataw ng artikulong ito sa parehong lawak at kasabay ng pagsingil ng upa mula sa bawat pansamantalang pag-okupa. Ang halaga ng buwis ay dapat na hiwalay na nakasaad sa halaga ng upa na sinisingil at ang bawat pansamantalang pag-okupa ay dapat makatanggap ng resibo para sa pagbabayad mula sa nagpapatakbo. Walang nagpapatakbo ~~ng isang motel~~ ang mag-aanunsyo o magsasaad sa anumang paraan, direkta man o hindi direkta, na ang buwis o anumang bahagi nito ay kukunin o sasagutin ng ~~ang~~ ganyang nagpapatakbo, o na hindi ito idadagdag sa upa, o na, kung idadagdag, ang anumang bahagi ay ibabalik maliban sa paraang nakasaad dito. Maaaring tuparin ng isang pangalawang nagpapatakbo ang mga obligasyon nito sa ilalim ng mga probisyon ng artikulong ito sa pamamagitan ng pagsusumite ng buong halaga ng buwis na dapat bayaran sa ilalim ng artikulong ito, kasama ang kredito para sa anumang mga buwis na ipinapadala sa kaugnay na nagpapatakbo, direkta man sa Direktor ng Pananalapi o sa pamamagitan ng iba pang kaugnay na nagpapatakbo. Ang pagsunod sa mga probisyon ng artikulong ito ng alinman sa pangunahing nagpapatakbo o ng pangalawang nagpapatakbo ay ituturing na pagsunod ng pareho kaugnay ng naaangkop na obligasyon sa buwis at walang probisyon ng artikulong ito ang ituturing na mangangailangan ng pagbabayad at/o pagpapadala ng anumang halaga maliban sa buong halaga ng buwis na utang ng pansamantalang pag-okupa.

Sek. 7. Ang unang talata ng Seksyon 21.7.7 ng Artikulo 1.7, Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles ay inamyendahan upang mabasa bilang mga sumusunod:

~~Bawat~~ Isang nagpapatakbo ay dapat, sa o bago ang ika-25 araw ng bawat buwan ng kalendaryo, gumawa ng isang pahayag sa Direktor ng Pananalapi ng kabuuang upa na sinisingil at natanggap, at ang halaga ng buwis na nakolekta para sa mga pansamantalang pag-okupa sa nakaraang buwan ng kalendaryo, kasama ang isang pahayag ng halaga ng upa na natanggap mula sa bawat pangalawang nagpapatakbo para sa nasabing naunang buwan ng kalendaryo, hanggang sa lawak na naaangkop. Sa oras na maihain ang pahayag, ang buong halaga ng buwis na nakolekta at buwis na hindi nakolekta ngunit kinakailangang kolektahin, ay dapat ipadala sa Direktor ng Pananalapi. Maliban sa nakasaad sa Sek. 21.7.8, ang isang nagpapatakbo ay hindi kinakailangang magpadala sa Direktor ng Pananalapi ng anumang halaga ng buwis na hindi nakolekta at hindi kinakailangang kolektahin mula sa isang pansamantalang pag-okupa. Ang lahat ng buwis na nakolekta at kinakailangang kolektahin ng

mga nagpapatakbo alinsunod sa artikulong ito ay itatago sa trust para sa account ng Lungsod hanggang sa mabayaran ang mga ito sa Lungsod. Ang buong halaga ng buwis na dapat bayaran, nakolekta man o hindi nakolekta, sa ilalim ng Artikulong ito ay ituturing na utang ng nagpapatakbo sa Lungsod at babayaran lamang sa oras ng pagbabayad sa Lungsod.

Sek. 8. Pagsusumite sa mga botante. Ang ordinansa rito ay dapat isumite sa mga botante ng Lungsod. Kung ang ordinansa ay maaprubahan ng karamihan ng mga boto, ang ordinansa ay dapat ipatupad at ang mga naaangkop na seksyong nakasaad dito ay ituturing na bahagi ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles.

Sek. 9. Mga pag-amyenda. Maaaring amyendahan ng Konseho ng Lungsod ang anumang probisyon ng ordinansang ito, ngunit ang anumang pagsusog na magreresulta sa pagpapataw, pagpapalawig, o pagtaas ng buwis ay mangangailangan ng pag-apruba ng botante.

Sek. 10. Pagkakahiwalay. Kung ang anumang seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, o aplikasyon ng ordinansang ito o anumang bahagi nito ay ituring na labag sa konstitusyon o hindi wasto ng anumang hukuman o tribunal na may kakayahang hurisdiksyon, ang natitirang mga seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, o aplikasyon ng ordinansa ay mananatiling may ganap na bisa at epekto, at para dito ang mga probisyon ng ordinansang ito ay maaaring paghiwalayin. Bukod pa rito, idinedeklara ng mga botante na naipasa sana nila ang lahat ng seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi at aplikasyon ng ordinansang ito nang wala ang seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi o aplikasyon na ipinasiyang labag sa konstitusyon o hindi wasto.

Sek. 11. Ang panukalang ito ay nilayon ng Konseho ng Lungsod at ng mga botante na maging komplementaryo at karagdagan sa panukala sa balota na may kaugnayan lamang sa paglalapat ng Buwis sa Pansamantalang Pag-okupa sa mga online na kompanya ng paglalakbay at plataporma na isinumite sa mga botante ng Konseho ng Lungsod upang lumabas sa parehong balota ng panukalang ito. Kung sakaling ang parehong hakbang ay maaprubahan ng karamihan ng mga botante, ang mga probisyon ng mga hakbang ay ituturing na komplementaryo at karagdagan sa isa't isa at hindi magkasalungat, at lahat ng probisyon ng parehong hakbang ay dapat ipatupad at maging balido.

# Batas sa mga Karapatan ng Botante

## IKAW AY MAY MGA SUMUSUNOD NA KARAPATAN

1. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapatdapat bumoto kung ikaw ay:
   - ★ isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
   - ★ hindi kukulangin sa 18 taong gulang
   - ★ nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
   - ★ hindi kasalukuyang gumugugol ng panahon sa piitan ng estado o pederal dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at
   - ★ hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang
2. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.**
   Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
3. **Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga lugar ng botohan.**
4. **Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
5. **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
   **Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang lugar ng botohan** ng isang bagong balota,
   **Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong lugar ng botohan, o
   **Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota.**
6. **Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon.
7. **Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang lugar ng botohan** sa California.
8. **Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
9. **Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
10. **Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan sa isang opisyal sa mga halalan** o sa opisina ng Kalihim ng Estado.

**Kung naniniwala ka na pinagkaitan ka ng alinman sa mga karapatang ito,** tawagan ang kompidensiyal na Nakahandang Linya sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 345-VOTE (8683).

Sa web sa **www.sos.ca.gov**

Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 345-VOTE (8683)**

Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

# Impormasyon para sa Kakayahang Makagamit ng Botante

**Para sa kakayahang makagamit at iba pang pantulong na kagamitan (800) 815-2666, Opsyon 4 (Tuwirang Linya ng County ng LA)**

Ang mga Sentro ng Botohan sa County ng LA ay nagkakaloob ng madadaanan ng upuang de gulong at/o pagboto sa gilid ng bangketa. Sa loob ng Sentro ng Botohan, may makikita kayong mga kagamitan na makakatulong sa inyo sa inyong karanasan sa pagboto.

**Mga Pagtatala ng Audio (213) 978-0444**
Mayroong kagamitang pang-audio sa lahat ng Sentro ng Botohan upang tulungan kayo.

Ang mga pagtatala ng audio ng mga panukala na kasama sa libritong na ito ay mapapakinggan sa Ingles, Armenian, Tsino, Farsi, Hindi, Hapon, Khmer, Koreano, Ruso, Espanyol, Tagalog, Thai, at Bietnames. Ang mga rekording na ito ay makukuha sa aming website: clerk.lacity.gov/elections/multilingual-services at sa mga sumusunod na lokasyon:

Braille Institute Library
741 North Vermont Avenue
Los Angeles, CA 90029
(323) 660-3880

Central Library
630 West 5th Street
Los Angeles, CA 90071
(213) 228-7000

Ang mga botante ay maaari ring humiling ng kopya ng mga pagtatala ng audio mula sa aming opisina:

Office of the City Clerk-Election Division
Attn: Audio Recordings
555 Ramirez Street, Space 300
Los Angeles, CA 90012

**Numero ng Telepono ng TTD (562) 462-2259**
Ang isang numero ng telepono na TTD ay nakalaan para sa mga botante na may kapansanan sa pandinig.

**Tulong sa Wika (213) 978-0444**
Ang Lungsod ay nagbibigay din ng mga materyal sa pagboto sa wikang Armenian, Tsino, Farsi, Hindi, Hapon, Khmer, Koreano, Ruso, Espanyol, Tagalog, Thai, at Bietnames.

# Ang Inyong Mga Opsyon para sa Pagboto

### PAGBOTO-SA-PAMAMAGITAN-NG-KOREO

- Ibalik sa pamamagitan ng Koreo
  - Dapat may nakatatak-koreo bago ang Araw ng Halalan at matanggap sa loob ng 7 araw
- Hulugan
  - Sa isang Lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota
  - Sa isang Sentro ng Pagboto sa County ng LA

**Huwag kalimutang PIRMAHAN ang likod ng iyong Envelope para sa Pagboto-sa-Pamamagitan-ng-Koreo!**

### MGA SENTRO NG BOTOHAN

- Bumoto nang personal
- Ihulog ang iyong balota para sa Pagboto-sa-Pamamagitan-ng-Koreo

***I-SCAN DITO!***

### I-SCAN PARA HANAPIN ANG MGA ORAS AT LOKASYON NG SENTRO NG BOTOHAN

o bisitahin ang locator.lavote.gov/locations/vc

**Bumoto nang maaga!**
**Bukas ang mga Sentro ng Botohan simula Mayo 23, 2026**